# KAHALAGAHAN NG PAGGAMIT NG MAKABAGONG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO SA ARALING PANLIPUNAN

*by:*
**John Dean G. Regondola**
*Teacher III, Pablo Roman National High School*

Sa pagpapatupad ng K-12 Kurikulum sa Pilipinas nangangailangan ng ibat ibang pamamaraan upang sumuporta sa paghubog ng kaalaman at kakayahan ng mga mag aaral na kinakailangan para sa siglo 21.

Ang mga guro ay gumagamit ng ibat ibang materyales o kagamitan bilang pantulong sa kanilang pagtuturo. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang blackboard at marker, mga libro, at mga visual aid. Isa sa mahalagang kagamitang panturo ng mga guro ang visual aid, ito ay nakakadagdag sa mga ilustrasyon na inihahanda ng mga guro. Ito ay maaaring nakasulat o nakaguhit sa blackboard, cartolina, manila paper, at ngayon maaari na itong naka-print tulad ng tarpapel at iba pa. Kasama din dito ang mga hand-outs, at mga artepakto at iba pang mga pisikal na bagay na maaring maipakita ng mga guro upang mas maunawaan at maisalarawan ng mga mag aaral ang tinutukoy na bagay o imahe.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang mga kagamitan sa pagtuturo ay may malaking bahaging ginagampanan upang higit na mahubog at matuto ang mga mag-aaral sa K-12 Kurikulum ng Araling Panlipunan (AP).

Isa sa mga pangunahing layunin ng Araling Panlipunan ay ang makahubog ng mamamayang may mga kasanayan sa pagsusuri, pagmumuni, pagpapanagot, pagiging produktibo, at may malasakit sa kalikasan, sa bansa at kapwa-tao. Tunguhin din ng AP ang maglinang ng kakayahan at kaalaman na hindi lamang magaling sa usaping Pilipinas, kundi may pandaigdigang pananaw din.

Dahil sa patuloy na paglaganap ng teknolohiya, sa kasalukuyan, ang mga gamit sa pagtuturo ng mga guro ay naipapakita na rin sa anyo ng Power Point presentation, projector slides, at video clips at iba pa. Laganap ang paggamit ng makabagong kagamitang panturo mapapubliko o pribadong paaralan. Ang mga guro ay kailangan na makapag isip at maging maparaan na makahanap ng iba pang mga kagamitang panturo. Sa katunayan, lahat sa mga asignatura ng ika-21 siglo ay nakadepende na sa ibat ibang gamit sa pagtuturo.

Kapag ang isang institusyon ay nagbigay ng mga kasanayan at teknikal na suporta, ang mga mag-aaral ay higit na napapahusay ang kanilang paggamit ng mga teknolohiya at nakikita ang sistema bilang kapaki-pakinabang at mas madaling gamitin (Ghazal, et al.).

Bagamat ang nilalaman at pamantayan ng leksyon sa Araling Panlipunan ay nakabatay sa kurikulum, kung paano ang mga ito ay ituturo sa paaralan at sa loob ng silid-aralan ay nakasalalay sa guro, sa kanyang kakayahan at kasanayan, sa kanyang stratehiyang pipilin at sa pasilidad at mga kagamitang makikita sa paaralan. At isa sa mga stratehiyang nabanggit sa Manwal ng School-Based Management ay ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang paggamit ng ibat ibang teknolohiya bilang kagamitan na maaring makatulong sa pagkatuto. Dahil sa modernisasyon sa pagtuturo at patuloy na ang pag unlad ng information and communication technology, ang mga ganitong materyal ay abot-kamay na.

*References:*

https://www.academia.edu/35812957/POSITIBONG_EPEKTO_NG_PAGGAMIT_NG_TEKNOLOHIYA_NG_MGA_GURO_SA_PAGTUTURO
https://www.studocu.com/ph/document/university-of-perpetual-help-system-dalta/bachelor-of-science-in-information-technology/pag-aaral-sa-mga-naidudulot-ng-makabagong-teknolohiya-sa-relasyonresearch/2563174